"Hindi madaling malaman na meron ako nito, pero masaya ako na nagamot ako agad."

Chlamydia:

Ano ang kailangan mong gawin?

Ang iyong katalik ay may chlamydia.

Isa itong impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik na maaaring mapagaling pa. Maaari ka ring magkaroon ng chlamydia dahil dito.

Ang iyong katalik ay umiinom ng gamot para sa chlamydia. Kailangan mo din inumin ang gamot na ito sa lalong madaling panahon.

Ito ang kailangan mong malaman:

- Ang chlamydia ay madaling gamutin. Ngunit dapat uminom agad kayo ng gamot para dito ng iyong katalik.
- Maaari kang magka-chlamydia sa pakikipagtalik sa ari ng babae o lalaki o sa puwit. Puwede din ito makuha gamit ang bibig sa ari.
- Maraming tao ang hindi alam na mayroon silang chlamydia.
- May mga tao na nakakaramdam ng sakit o *discharge* ("drip"/pagtutulo).
- Kapag hindi ka magamot agad, maaari kang magkaroon ng malubhang sakit, o maaari ka ding hindi magka-anak.
- Kung ikaw ay buntis at hindi ito agad nagamot, ang chlamydia ay maaaring makapinsala sa iyong sanggol.

Inumin ang gamot na bigay sa'yo ng iyong katalik

Maaaring dalhan ka ng gamot o reseta para sa gamot ng iyong katalik. Importante na inumin ito agad.

Ang sinumang ipinapakita sa mga larawang ito ay pawang mga modelo. Ang mga larawang ito ay para lamang sa mga layuning pang-ilustrasyon

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa chlamydia:

- Tumawag ng libre sa 1-800-232-4636
- O bumisita sa www.ashastd.org

essential access health

Paraan ng pag-inom ng mga gamot:

Azithromycin (1 gram):
Inumin agad ang gamot oras na makuha ito.

- HUWAG uminon ng antacid (tulad ng Tums o Rolaids) isang oras bago inumim ang gamot o di kaya dalawang oras matapos uminom ng Azithromycin.
- HUWAG ibigay ang gamot kahit kanino!

Ang karamihan ng tao ay walang problema pagkainom ng gamot.

- Gayunpaman, ang iba ay maaaring makaramdam ng pagkahilo, sakit ng tiyan o pagtatae.
- Ang ilang sa kababaihan ay maaaring magkaroon ng pangangati o pagtulo sa pribadong bahagi ng kanilang katawan.

Ang mga karaniwang problemang ito ay maaaring mawala pagkatapos ng ilang araw. Kung hindi, kumunsulta agad sa iyong doktor.

Ang gamot ay ligtas para sa karamihan ng tao.

Makipag-usap sa iyong doktor kung ikaw ay:

- Nagkaroon ng masamang reaksyon, pantal, o allergy sa gamot.
- Mayroon kang malubhang sakit sa bato, puso, o atay.
- Kasalukuyang umiinom ng ibang deresetang gamot.

Gaano katagal bago mawala ang impeksyon?

Pitong (7) araw.

Sa 7 araw pagkatapos inumin ang gamot:

- Mas mabuti na huwag makipagtalik sa ari, bibig o sa puwit.
- Gumamit ng condom kung ikaw ay makikipagtalik. Kung hindi, posible na magkaroon ka ulit ng chlamydia.

Pumunta agad sa doktor, klinika, o emergency room:

Kung ikaw ay babae at:

- Pananakit sa ibabang bahagi ng tiyan
- Nakakaramdam ng sakit kapag nakikipagtalik
- Sumusuka
- May pantal o lagnat

Kung ikaw ay lalaki at:

- Masakit o namamaga ang itlog ng iyong bayag
- May pantal o lagnat

Maaaring kailangan mo ng mas malakas na gamot. Posibleng HINDI sapat ang gamot na ibinigay sa iyo para gamutin ang impeksyon.

Magpasuri para sa chlamydia.

- Hindi masakit ang pagpapasuri. Kailangan mo lang umihi sa tasa.
- Sinuman ang iyong naging katalik sa huling 60 na araw ay dapat ding magpasuri.
- Magpasuri ulit pagkatapos ng 3 buwan upang masigurado na hindi ka ulit na-impeksyon ng chlamydia.

Maghanap ng malapit na klinika:

- Tanungin ang iyong katalik kung siya ay nagpasuri.
- Bumisita sa https://www.bedsider.org. I-click ang "**where to get it**" at ilagay ang iyong siyudad, state o zip code.
- Tawagan ang CDC hotline sa 800-CDC-INFO o 800-232-4636

©2017 Essential Access Health: PDPT Chlamydia TAGALOG